**Kabataang Pilipino: Pag-asa o Problema ng Bayan?**

## II. ANG PINAGMULAN NG PRESSURES SA BUHAY NG TAO

Kung uunawain ang salitang pressure sa pangkaraniwang gamit nito, ito ay tumutukoy sa physical force na ibinibigay or laban sa isang bagay, na mula sa bagay na may contact dito. Ang salitang ito kung gagamitin natin sa tao ay nangangahulugan na ang paggamit ng panghihikayat, impluwensya o pananakot para gawin ng tao ang isang bagay.

Ang iba't-ibang source ng pressure na maaaring maranasan mo bilang kabataan *can either make you or break you* kapag nahaharap ka na sa mga threats na iyong napag-aralan noong una. Ano ang pinagmumulan ng pressures ng isang tao? Upang maunawaan natin ang pinagmulan nito, dapat lamang na bumalik tayo sa simula. Subalit saan tayo pupunta para sa mga tamang impormasyon tungkol sa mga bagay na ito?

Ang sagot ay sa Bibliya.

**TIME OUT**

Ano ang kahulugan ng salitang pressure para sa tao?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Paano mo maaaring malaman ang pinagmulan ng pressures sa buhay ng tao?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

**PAG-ARALAN:**

Basahin ang mga bahagi ng kwento at sagutin ang mga tanong.




**Genesis 1:26-31**

Pagkatapos, sinabi ng Diyos: "Ngayon, likhain natin ang tao ayon sa ating larawan, ayon sa ating wangis. Sila ang mamamahala sa mga isda, sa mga ibon sa himpapawid at sa lahat ng hayop, maging maamo o mailap, malaki o maliit." Nilalang nga ng Diyos ang tao ayon sa kanyang larawan. Sila'y kanyang nilalang na isang lalaki at isang babae, at sila'y pinagpala niya. Sinabi niya, "Magpakarami kayo at punuin ninyo ng inyong mga anak ang buong daigdig, at kayo ang mamahala nito. Binibigyan ko kayo ng kapangyarihan sa mga isda sa tubig, sa mga ibon sa himpapawid, at sa lahat ng mga hayop na nasa ibabaw ng

lupa. Ibinibigay ko rin sa inyo ang lahat ng uri ng halamang nagkakabinhi at mga bungangkahoy bilang pagkain ninyo. Ang lahat ng halamang luntian ay ibinibigay ko naman sa lahat ng hayop sa ibabaw ng lupa at sa lahat ng mga ibon." At ito nga ang nangyari. Pinagmasdan ng Diyos ang lahat niyang ginawa, at lubos siyang nasiyahan. Lumipas ang gabi, at sumapit ang umaga—iyon ang ikaanim na araw.

1. Ano ang ginawa ng Diyos matapos Niyang likhain ang lalaki at babae?

   ______________________________________________________________

2. Ano ang tatlong mandato na ibinigay ng Diyos sa taong nilikha Niya?

   a. ____________________________________________________________

   b. ____________________________________________________________

   c. ____________________________________________________________

**PAG-USAPAN:**

Ang tao ay nilikha ng Diyos para sa Kanyang layunin. Ang ibig sabihin nito ay may inihandang layunin o gawain ang Diyos para sa tao - ito *ay ang sambahin at paglingkuran ang Diyos.* Maliwanag sa isipan ng tao na ang pagsamba sa Diyos ay ang pagbibigay ng papuri sa mga kamangha-manghang katangian ng Diyos at sa Kanyang mga kahanga-hangang gawa; at ang paglilingkod sa Diyos ay ang pagsasakatuparan o pagsunod sa tatlong gawain na iniutos Niya sa tao: 1) Maging mabunga at magparami para punuin ang mundo, 2) Lupigin ang lupa (bungkalin at pagyamanin), at 3) Pamahalaan ang mga isda, ibon at lahat ng uri ng mga hayop.

Bigyan pansin ang tatlong gawain na ibinigay ng Diyos sa taong nilikha:

1. Maging mabunga at magparami para punuin ang mundo.

   Paano ito maisasakatuparan nila Adan at Eba?

   Ang gawaing bang ito ay naaangkop pa rin sa panahon natin ngayon?

   Sa panahon ngayon, paano mo maisasakatuparan ang gawaing ito na ibinigay ng Diyos?

Bigyang pansin ang nangyari, matapos likhain ng Diyos sila Adan at Eba, sila ay Kanyang pinagpala (blessed). Ang pagpapalang ito ay sumisimbolo ng union ng lalaki at babae na nilalang ng Diyos. Ang pagpaparami para punuin ang mundo ay may kinalaman sa pagpaparami ng tao (literal). Sila ay magkaka-anak at ang kanilang mga anak ay magkaka-anak hanggang dumami ang population sa mundo. Ngunit ito rin ay pagpaparami ng mga taong sumasamba at maglilingkod sa Diyos gaya ng pagkalalang Niya kina Adan at Eba.

Sa panahon ngayon, malaki na ang population ng mundo. Ngunit ang mandato na ito ng Diyos ay patuloy na maisasakatuparan sa pamamagitan ng pagpaparami ng mga taong sasamba at maglilingkod sa Diyos.

2. Lupigin ang lupa (bungkalin at pagyamanin).

   Paano ito maisasakatuparan nila Adan at Eba?

   Ang gawain bang ito ay naaangkop pa rin sa panahon natin ngayon?

   Sa panahon ngayon, paano mo maisasakatuparan ang gawaing ito na ibinigay ng Diyos?

3. Pamahalaan ang mga isda, ibon at lahat ng uri ng mga hayop.

   Paano ito maisasakatuparan nila Adan at Eba?

   Ang gawain bang ito ay naaangkop pa rin sa panahon natin ngayon?

   Sa panahon ngayon, paano mo maisasakatuparan ang gawaing ito na ibinigay ng Diyos?

Pagmasdan ang iyong paligid. Maraming bakanteng lupa ang iyong mapagmamasdan. Magagawa mong isakatuparan ang mga gawaing ito na ibinigay ng Diyos sa pamamagitan ng pagtatanim at pag-aalaga ng mga hayop. Kung ikaw ay walang green thumb or hindi mahilig magtanim, maaari kang tumulong na pangalagaan ang mga halaman sa iyong kapaligiran. Kung ikaw naman ay hindi pet lover maaari ka rin naman magbigay pagpapahalaga sa mga hayop sa ibang paraan.

Likas sa tao na isapamuhay ang mga layuning ito ng Diyos; naging natural sa tao ang sumamba at maglingkod sa Diyos. Nauunawaan niya na ang pagsasagawa ng utos ng Diyos ang nakapagdudulot sa kanya ng kaligayahan at katagumpayan sa buhay.

Ikaw ba ay nabibilang sa mga kabataang may nais na isakatuparan ang mandato ng Diyos?

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Ngayong alam mo na, na mayroong mandato ang Diyos para sa iyo, bibigyan mo ba ito ng pagpapahalaga? I-rate kung gaano kahalaga na maisakatuparan mo ito. 10 ang pinakamataas at 1 naman ang pinakamababa.

   ______________________________________________________________________

   ____________________________________________________________________

| | |
|---|---|
| Natutunan ko na | ang tao ay nilikha ng Diyos upang: |

**Verse of the Day:**
Sinabi niya, “Magpakarami kayo at punuin ninyo ng inyong mga anak ang buong daigdig, at kayo ang mamahala nito. Binibigyan ko kayo ng kapangyarihan sa mga isda sa tubig, sa mga ibon sa himpapawid, at sa lahat ng mga hayop na nasa ibabaw ng lupa.” **Genesis 1:28b**